




IMPORMASYON UKOL SA MISSILE ALERT AT KUNG ANONG DAPAT GAWIN

Nilikha batay sa Impormasyon mula sa Cabinet Secretariat Civil Protection Portal Site

ANO BA ANG MISSILE ALERT?

Kung may posibilidad na lumipad sa himpapawid ng Japan ang ballistic missile, may pang emerhensyang impormasyon na ipapadala sa pamamagitan ng alerto. Merong 2 paraan ng pagpapadala ng impormasyon.

- 1 May maririnig na siren at mensahe mula sa Civil Protection sa pamamagitan ng speaker na nasa labas.
- 2 May pang emerhensyang makakarating sa mga mobile phones o smart phones.



PAANO MALALAMAN ANG NILALAMAN NG ALERTO ?

Bilang dagdag sa siren, may ipapadalang pang emerhensyang impormasyon "area mail • rapid mail" sa mga mobile phones na nasa sakop na lugar (**kung may domestic carrier**) May patakaran na ang area mail • rapid mail ay nasa wikang hapon. *Ang pahina 2 ng leaflet na ito ay maaaring maging gabay J may mga halimbawa ng nakasaad sa alerto. Ito po ay makikita sa paggamit ng wifi.



Safety Tips (Japan Tourism Agency)

Ang Apps na ito ay may mga impormasyon ng Civil Protection na nasa 15 wika. Mainam na atin po itong i-install.

Hapon, Ingles, Tsina (Simple/Tradisyunal), Koreano, Kastila, Portuguese, Vietnamese, Thai, Indonesia, Tagalog, Nepali, Khmer, Burmese, Mongolian,



Ang impormasyong ito ay makikita kapag gumagamit ng Wifi

ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG NAKATANGGAP NG ALERTO ?

Sa oras na magkaroon ng pang alertong mensahe, maging kalmado at gawin agad ang mga nararapat gawin.



Kung nasa labas

Lumikas sa loob ng malapit na matibay na gusali (katulad ng konkreto) o kaya ay sa basement.



(Babala) Kung walang matibay na gusali sa malapit, maliban dito, maaaring lumikas sa ibang gusali

Kung walang gusali

Magtago sa likod ng isang bagay, dumapa at protektahan ang ulo



Kung nasa loob ng gusali

Lumayo sa bintana o lumipat sa silid na walang bintana



BUMAGSAK ANG MISSILE SA MALAPIT !


Kung nasa labas: Takpan ng panyo ang bibig at ilong, lumayo agad sa lugar na binagsakan, lumikas sa isang kulong na lugar,

Kung nasa loob: Patayin ang exhaust fan, isara ang mga bintana, gawing kulong o kulob ang silid.

CIVIL PROTECTION PORTAL SITE

Ito ay portal site ng Cabinet Secretariat na nasa wikang Ingles. Bagamat nasa wikang ingles ang naturang homepage, may impormasyon rin na nasa ibang wika.

http://www.kokuminhogo.go.jp/en/pc-index_e.html





MGA NILALAMAN NG J-ALERT (MGA HALIMBAWA) KUNG SAKALING LUMIPAD SA JAPAN ANG BALLISTIC MISSILE

Impormasyon mula sa Cabinet Secretariat Civil Protection Portal Site

Ayon sa sitwasyon na tulad ng ① ~ ⑦ may ipapadalang pang emerhensyang impormasyon o rapid mail. Patakarán na ito ay nasa wikang hapon. Kaya gawing gabay ang mga salin na nasa ibaba *Ang mga ito ay halimbawa lamang at maaaring maiba sa aktwal na ipapadalang mensahe.

① Nagpalipad ng Missile • Panawagan para sa paglikas

ミサイル発射。ミサイル発射。北朝鮮からミサイルが発射されたものとみられます。建物の中、又は地下に避難して下さい。

Nagpalipad ng missile. Nagpalipad ng missile. Napag alaman na ang Hilagang Korea ay nagpalipad ng missile. Mangyaring lumikas sa loob ng gusali o sa basement.

② Pagdaan ng Missile

ミサイル通過。ミサイル通過。先程のミサイルは●時●分頃、●●へ通過したものとみられます。不審な物には決して近寄らず直ちに警察や消防などに連絡して下さい。

Dumaan ang missile. Dumaan ang missile. Napag alaman na dumaan ang missile kanina sa ganap na ● oras ● minuto, ito ay dumaan sa ●●. Huwag na huwag lumapit sa nakapanghihinalang bagay at agad na ipaalam sa pulis o bumbero.

③ Posibilidad na bumagsak ang missile sa karagatan

先程のミサイルは、●時●分頃、●●海に落下したものとみられます。不審な物には決して近寄らず直ちに警察や消防などに連絡して下さい。

Napag alaman na ang missile ay bumagsak kanina lamang sa ganap na ● oras ● minuto sa karagatan ng ●●. Huwag na huwag lalapit sa nakapanghihinalang bagay at agad na ipaalam sa pulis o bumbero.

④ Posibilidad na bumagsak ang missile sa teritoryo • karagatan ng Japan

ミサイル落下。ミサイル落下。ミサイルが、●時●分頃、●●県●●市周辺に落下したものとみられます。続報を伝達しますので、引き続き屋内に避難して下さい。

Bumagsak ang missile. Bumagsak ang missile. Napag alamang sa ganap na ● oras ● minuto na posibleng bumagsak ang missile sa malapit sa ●●prefecture●●city. Antabayanan ang darating na impormasyon at lumikas sa loob ng gusali.

⑤ Panawagan para sa agarang paglikas

直ちに避難。直ちに避難。直ちに建物の中、又は地下に避難して下さい。ミサイルが、●時●分頃、●●県周辺に落下するものとみられます。直ちに避難して下さい。

Lumikas agad. Lumikas agad. Lumikas agad sa loob ng gusali o kaya ay sa basement. Napag alamang sa ganap na ● oras ● minuto na posibleng bumagsak ang missile sa malapit sa ●●prefecture. Kaya't agad na lumikas.

⑥ Naharang at Nawasak

先程のミサイルは、迎撃により破壊されました。ミサイルの破片の落下の可能性があります。続報を伝達しますので、引き続き屋内に避難して下さい。

Maaaring may nakaharang kanina sa missile na naging dahilan ng pagkawasak nito. Posibleng malaglag ang mga parte nito. Antabayanan ang darating na impormasyon at manatili sa loob ng gusali.

⑦ Pag-angat ng panawagan para sa paglikas

先程のミサイルは、我が国には落下しないものとみられます。避難の呼びかけを解除します。

Napag alaman kanina na ang missile ay hindi babagsak sa Japan. Ang panawagan sa paglikas ay iaangat.

PANGUNAHING DALOY NG IMPORMASYON

(Cabinet secretariat)

Ito ay isang flow chart ng impormasyon kung may ipinadalang alerto at kung ano ang nararapat na gawin.

[https://www.kokuminhogo.go.jp/en/pdf/J_ALERT\(Tagalog\).pdf](https://www.kokuminhogo.go.jp/en/pdf/J_ALERT(Tagalog).pdf)

